REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 98-11K**

**KAUTUSAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG MILYON LIMANGDAANG LIBONG PISO (P2,500,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG KALSADA AT DRAINAGE SYSTEM SA BLOCK 34, SOLDIER'S HILLS VILLAGE, PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA NA ANG PONDO AY KUKUNIN SA INFRASTRUCTURE FUND NG 1998 EXECUTIVE BUDGET.**

*****************************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Rey E. Bulay**

*****************************************************************************************

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksiyon 16 ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang kapangyarihan ng Bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal na kailangan angkop o nauugnay para sa mahusay at epektibong pamamahala at sa lubhang kailangan sa pagtataguyod ng kagalingang pangmadla;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng pangunahing paglilingkod at pasilidad ay pananagutan ng bawat Yunit ng Pamahalaang Lokal (Article 25, Mga Kautusan at Alituntuning Nagpapatupad ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991);

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing pasilidad na dapat ipagkaloob upang tugunan ang pangangailangan ng mga naninirahan sa Lungsod ay ang pagpapagawa o pagsasaayos ng kalsada;

**SAPAGKAT,** upang matugunan ang kondisyon ng kapaligiran at maisanggalang ang kalusugan ng mga naninirahan sa nasabing lugar, kinakailangan ang madaliang pagsasaayos o pagpapagawa ng nasabing kalsada at drainage system;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay may nakalaang pondo sa 1998 Executive Budget, Capital Outlay, Infrastructure Fund, Roads, Streets and Bridges;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na ilaan ang halagang **Dalawang Milyon Limangdaang Libong Piso (P2,500,000.00)** para sa pagpapagawa ng kalsada at drainage system sa **Block 34, Soldiers' Hills Village, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa,** na ang pondo ay kukunin sa 1998 Executive Budget, Capital Outlay-Infrastructure Fund, Roads, Streets and Bridges.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **26 Marso 1998, sa ginanap na Unang Natatanging Pulong.**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**SUMANG-AYON:**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. RAFAEL. R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kautusang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Secretary
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Punonglungsod

Petsa : 6-11-98

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196